

Ang Kahalagahan Ng Pagdalo sa Salat ul Jum'ah (Biyernes)

Ang Jum'ah (Biyernes) ay ang pinakamainam na araw sa loob ng isang linggo. Si Imam Bukhari at Imam Muslim ay nag-ulat na si Propeta Muhammad, sumakanya ang kapayapaan ay nagsabi,

Tayo (mga Muslim) ay huling dumating, gayunmay tayo ang pinakauna sa araw ng paghuhukom. Sila ay tumanggap ng mga aklat na nauna sa atin (Torah at Injil). Tayo ay tumanggap ng aklat pagkatapos nila (ito ay ang Qur'an). Ang Biyernes ay ang kanilang araw upang sila ay luwalhatiin.

Gayunman, sila ay nagtalo sa bagay na ito habang Si Allah ay nagsabi sa atin na ang Jum'ah ay ang araw upang Siya ay luwalhatiin. Kung kaya sila ay susunod sa atin. Niluwalhati ng mga Hudyo ang Sabado at niluwalhati naman ng mga Kristiyano ang Linggo. %

Naiulat din ni Imam Muslim, Abu Dawud, Annisaq, at Attirmidhi, na si Propeta Muhammad, sumakanya ang kapayapaan ay nagsabi,+Ang pinakamainam na araw kung ang Araw ay sumisikat ay ang Jum'ah (Biyernes). Ito ang araw nang likhain si Adan. Ito rin ang araw noong si Adan ay papasukin sa Paraiso at palabasin mula rito. Ito rin ang araw kung kailan magaganap ang araw ng paghuhukom.+

Ang Mga Sumusunod ay Nararapat Gampanan ng Mga Muslim

Ang mga kalalakihan ay obligadong makiisa o dumalo sa Pagdarasal Ng Jum'ah (Salat ul Jum'ah [Pagdarasal Na Pang-Biyernes). Si Allah, ang kataas-taasan ay nagsabi sa Surah Al-Jum'ah (Kabanata AL-Jum'ah) Talata ika-9, ayon sa pagkakasalin ng kahulugan nito na, % O mga sumasampalataya! kapag ang panawagan ay inihayag para sa Pagdarasal na Pang-Biyernes, magmadali kayo sa pag-alaala Kay Allah, at iwanan ang inyong mga pinagkakaabalahanan. Ito ang pinakamainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman.+

ni Propeta Muhammad, sumakanya ang an sa hindi pagdalo sa Pagdarasal na Pang-Biyernes. Si Imam Muslim at Ahmad ay nag-ulat na si Propeta Muhammad, sumakanya ang kapayapaan ay nagsabi tungkol sa mga taong hindi dumadalo sa Pagdarasal na Pang-Biyernes, %Kinakailangan kong hilingin sa isang lalaki na pamunuan ang mga tao sa pagdarasal nang sa gayon ay makaalis ako at sunugin ang mga bahay ng mga kalalakihan na hindi dumadalo sa Pagdarasal na Pang-Biyernes na kasama natin.+Sinabi rin niya ayon sa ulat ni Imam Muslim, Ahmad at Annisaq, %Tigilan nila ang pagpapabaya sa pagdalo sa Pagdarasal na Pang-Biyernes o Sasarhan Ni Allah ang kanilang mga puso upang hindi na nila masumpungan pang muli ang matuwid na landas.+

Sa ibang pinagtibay na hadith na iniulat ni Abu Dawud,Attirmidhi, Annisaq, atIbnu majah, na ang Propeta, sumakanya ang kapayapaan ay nagsabing, %Sinuman ang hindi dumalo ng tatlong Pagdarasal na Pang-Biyernes , (na walang katanggap-tanggap na dahilan), seselyuhan Ni Allah ang kanilang kanyang puso.+

Rekomendado rin na dagdagan ang mga panalangin lalong-lalo na sa huling oras ng araw sapagkat ito ang oras kung kailan ang mga kahilingan ay tinutugon Ni Allah. Sa isang pinagtibay na hadith ayon sa ulat ni Imam Annisaq, Abu Dawud, at AL-Hakim, Si Propeta Muhammad , sumakanya ang kapayapaan ay nagsabi, %Ang Biyernes (Jumqah) ay may labindalawang (12) oras, ang isa ay ang oras kung kailan ang mga hinaing ay ipagkakaloob para sa mga sumasampalatayang Muslim. Ang oras na ito ay masusumpungan sa huling oras matapos ang Pagdarasal na Asr (Salatul Asr)+